Ang gabay na ito ay maaaring may taglay na sensitibong impormasyon kaugnay sa voluntary assisted dying (tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay)

# Gabay 5: Pagsubaybay at Pagsunod – Paano natin dapat subaybayan ang voluntary assisted dying upang matiyak na ligtas at epektibo ang proseso?

Nais naming malaman ang inyong opinyon kung paano namin matitiyak na ang voluntary assisted dying (VAD) (tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay) ay mayroong mga tamang pag-iingat para sa mga indibidwal at propesyonal ng kalusugan sa NT.

**Pag-uulat ng mga propesyonal ng kalusugan**
Ano ang dapat kailangang sabihin sa amin ng mga propesyonal ng kalusugan tungkol sa kanilang tungkulin sa pagtulong sa isang tao sa voluntary assisted dying?

Sa ibang mga estado sa Australya, ang mga propesyonal ng kalusugan ay inaatasang magbigay ng impormasyon sa bawat yugto ng proseso ng VAD upang matiyak na sumusunod sa batas ang mga propesyonal ng kalusugan. Makapagbibigay din ito ng impormasyon upang matasa kung paano gumagana ang VAD sa komunidad. Halimbawa, kapag ang isang tao ay nagsabi sa isang propesyonal ng kalusugan na gusto niyang um-access sa voluntary assisted dying, o kapag tinulungan ng isang propesyonal ng kalusugan ang isang tao sa paggamit ng sangkap para sa VAD, ang mga propesyonal ng kalusugan ay kinakailangang magsumite ng mga form na nagtatala ng bawat hakbang.

**Pagsusuri kung sumusunod sa batas ang mga propesyonal ng kalusugan**
Paano namin masusuri kung sumusunod sa batas ang mga propesyonal ng kalusugan sa NT?

Sa ilang mga estado sa Australya, nirerebyu ng isang independiyenteng lupon ang bawat ulat na isinumite ng isang propesyonal ng kalusugan, at ang tao ay hindi dapat sumulong sa susunod na hakbang sa proseso ng VAD hangga't hindi pa naaaprubahan ng ahensya ang ulat. Ito ay isang masusing proseso na nagsisiyasat na mabuti kung sumusunod sa batas ang mga tao, ngunit maaari rin nitong pabagalin ang proseso at gawing mas mahirap para sa isang tao na maka-access sa voluntary assisted dying.

Sa ibang mga estado, nirerebyu lamang ng isang independiyenteng lupon ang mga ulat na isinumite ng isang propesyonal ng kalusugan tuwing ilang linggo o buwan. Sa ganitong pagkakataon, ang propesyonal ng kalusugan ay hindi kailangang maghintay ng pag-apruba para sumulong sa susunod na yugto ng proseso ng VAD.

**Pagrebyu ng mga desisyon sa pagiging marapat**
Sa palagay ninyo, ang desisyon ba ng isang propesyonal ng kalusugan kung marapat o hindi marapat ang isang tao na maka-access sa VAD ay dapat rebyuhin ng isang tribunal, korte o iba pang lupon?

**Mga kahihinatnan kung lalabagin ng isang tao ang batas**
Ano ang dapat maging kahihinatnan kung lalabagin ng isang tao ang mga batas tungkol sa VAD sa NT?

Sa ibang mga estado sa Australya, ginawa nilang isang krimen kung:

- ang isang propesyonal ng kalusugan ay magsusumite ng hindi totoong mga ulat tungkol sa voluntary assisted dying
- ang isang propesyonal ng kalusugan ay hindi magsusumite ng mga ulat tungkol sa voluntary assisted dying
- ang isang propesyonal ng kalusugan ay lalabag sa alinmang bahagi ng batas para sa VAD
- ang sinuman ay tutulong sa isang tao na gumamit ng sangkap para sa VAD sa labas ng ligal na proseso ng VAD
- ang sinuman ay walang katapatang magkukumbinsi sa isang tao na gumamit ng sangkap para sa VAD.

Ang ilang mga estado ay nagpapahintulot din sa isang tao na ipaalam sa Australian Health Practitioner Regulation Agency kung siya ay may mga alalahanin tungkol sa isang propesyonal ng kalusugan, o naniniwalang lumabag sa batas ang isang propesyonal ng kalusugan. Ito ang ahensya na gumagawa at nagpapatupad ng mga tuntunin tungkol sa mga partikular na uri ng mga propesyonal ng kalusugan.

**Pagprotekta sa mga tao laban sa maling paraan ng paggamit sa sangkap para sa VAD**
Nais naming malaman ang inyong palagay kung paano namin mapoprotektahan ang mga tao laban sa maling paraan ng paggamit sa sangkap para sa VAD sa NT.

Ang sangkap para sa VAD ay gamot na irereseta ng isang doktor upang magsanhi ng pagkamatay ng isang tao. Kailangan namin ng mga pag-iingat upang protektahan ang ating komunidad at tiyaking ang sangkap ay hahawakan nang may pag-iingat at pagbabala, at hindi gagamitin sa maling paraan. Nais din naming maiwasan ang mga hadlang na gagawing napakahirap para sa isang tao na gamitin ang sangkap kapag siya ay marapat at handa na.

Ginagawa ito ng ibang mga estado sa Australya sa pamamagitan ng:

- pag-uutos sa mga propesyonal ng kalusugan at parmasyutiko na magbigay ng impormasyon tungkol sa sangkap
- pag-uutos sa mga propesyonal ng kalusugan at parmasyutiko na magbigay sa tao ng mga babala tungkol sa sangkap
- pag-uutos sa mga parmasyutiko na magkumpleto ng mga form at magtago ng mga rekord
- pag-uutos na ilagay ang sangkap sa isang nakasusing kahon
- pag-uutos na ibalik at sirain sa loob ng isang takdang panahon ang anumang hindi nagamit na sangkap
- paggawang isang krimen ang maling paraan ng paggamit o maling paraan ng paghawak sa sangkap.

Ang ilang mga estado sa Australya ay nag-uutos din na ang mga propesyonal ng kalusugan ay mag-aplay para sa permiso at tumanggap nito para magsaayos ng sangkap para sa VAD, nag-uutos sa mga botika na